**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 5, Issue 1**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Moralistic analysis of selected contemporary essays: An appreciation

**Ibrahim B. Pundato, LPT, MA**
Institute of Science Education, Mindanao State University
Marawi City, Philippines
Email: ibrahim.pundato@msumain.edu.ph
ORCID: 0009-9963-3126

ABSTRACT

This study, entitled Moralistic Analysis of Selected Contemporary Essays: An Appreciation, aims to examine the moral values expressed in selected contemporary essays and to explore their significance and implications in shaping the abilities of writers, readers, and society. The Moralistic Perspective was used as the theoretical framework to analyze the influence of literature on human ethics and ways of living. The study was conducted through content analysis of selected essays written by notable authors, namely: Ang Ina and Ang Martial Law at Pagninilay by Almayrah Tiburon; Mga Pagsasanay sa Paggalugad ng Siyudad by Eugene Y. Evasco; Doon po sa Amin sa Daang Bakal by Rusell Irene L. Lagunsad; Ngunit Wala Akong Litrato Noong Nasa Kolehiyo Ako by Reuel Molina Aguila; Overnight sa Sementeryo by Beverly Siy; Dalawampu't Apat na Oras by Mubarak Tahir; and Patsi-patsing Danas sa Pangarap by Al Joseph Lumen. The results revealed various moral values such as resilience, love for family, faith, responsibility, compassion for others, hope, and the struggle for goodness. These moral values hold profound significance in shaping the abilities of writers and readers in making sound decisions, practicing ethical living, and developing a creative understanding of society. Moreover, the literary works demonstrate the implications of moral lessons for the broader community, particularly in promoting justice, social solidarity, and the pursuit of goodness. Overall, the study shows that the moralistic perspective is essential in analyzing contemporary literature and serves as a guide in understanding what is right and good within the context of personal and collective experiences.

Keywords: Moralistic analysis, contemporary essays, moral values.

Date Submitted: January 20, 2026
Date Accepted: January 30, 2026
Date Published: February 18, 2026

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501823

Recommended citation:
Pundato, I. B. (2026). Moralistic analysis of selected contemporary essays: An appreciation. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (1), 9219-9228. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501823

# Moralistikong pagsusuri sa mga piling kontemporaryong sanaysay: Isang pagpapahalaga

**Ibrahim B. Pundato, LPT, MA**
Institute of Science Education, Mindanao State University
Marawi City, Philippines
Email: ibrahim.pundato@msumain.edu.ph
ORCID: 0009-9963-3126

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito, na may pamagat na Moralistikong Pagsusuri sa mga Piling Kontemporaryong Sanaysay: Isang Pagpapahalaga, ay naglalayong suriin ang mga moral na pagpapahalaga na naipapahayag sa piling kontemporaryong sanaysay at tuklasin ang kabuluhan at implikasyon ng mga ito sa paghubog ng kakayahan ng manunulat, mambabasa, at lipunan. Ginamit ang Moralistikong Pananaw bilang teoryang batayan upang masuri ang epekto ng panitikan sa etika at pamumuhay ng tao. Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng content analysis ng mga piling sanaysay mula sa mga kilalang manunulat: Ang Ina at Ang Martial Law at Pagninilay ni Almayrah Tiburon; Mga Pagsasanay sa Paggalugad ng Siyudad ni Eugene Y. Evasco; Doon po sa Amin sa Daang Bakal ni Rusell Irene L. Lagunsad; Ngunit Wala Akong Litrato Noong Nasa Kolehiyo Ako ni Reuel Molina Aguila; Overnight sa Sementeryo ni Beverly Siy; Dalawampu't Apat na Oras ni Mubarak Tahir; at Patsi-patsing Danas sa Pangarap ni Al Joseph Lumen. Natukoy sa resulta ang iba't ibang moral na pagpapahalaga tulad ng katatagan, pagmamahal sa pamilya, pananampalataya, responsibilidad, malasakit sa kapwa, pag-asa, at pakikibaka para sa kabutihan. Ang mga moral na ito ay may malalim na kabuluhan sa paghubog ng kakayahan ng manunulat at mambabasa sa wastong pagpapasya, etikal na pamumuhay, at malikhaing pag-unawa sa lipunan. Bukod dito, ipinapakita ng mga akda ang implikasyon ng moral na aral sa mas malawak na lipunan, lalo na sa pagpapalaganap ng katarungan, pakikipagkapwa, at pagtangkilik sa kabutihan. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang moralistikong pananaw ay mahalaga sa pagsusuri ng kontemporaryong panitikan at nagsisilbing gabay sa pag-unawa ng tama at mabuti sa konteksto ng personal at kolektibong karanasan.

Mga susing salita: Moralistikong pagsusuri, kontemporaryong sanaysay, moral na pagpapahalaga.

## PANIMULA

Ang panitikan ay matagal nang kinikilala bilang salamin ng karanasan, kaisipan, at pagpapahalaga ng tao sa lipunan. Hindi lamang ito simpleng sining ng pagpapahayag kundi isang makapangyarihang daluyan ng edukasyon, moralidad, at etikal na pamumuhay (Delos Reyes, 2017; Lumbera, 2005). Sa ganitong konteksto, nagiging mahalagang lente ang moralistikong pananaw sa pagsusuri ng panitikan sapagkat nakabatay ito sa paniniwalang ang bawat akda ay may tungkuling magturo, magpayo, at magbigay aral sa mambabasa (Mendoza, 2014; Santos, 2019). Sa pamamagitan ng pananaw na ito, naipapakita na ang panitikan ay hindi lamang isang malikhaing anyo ng sining kundi isang mahalagang gabay sa etika, pamumuhay, at paghubog ng pagkatao. Ipinahahayag din ni Delos Reyes (2017) na ang panitikan ay hindi maihihiwalay sa moralidad at lipunan sapagkat ito ay nagiging tagapagdala ng mga birtud at pamantayang etikal na humuhubog sa pagkatao ng tao. Pinagtitibay ito ng pananaw ni Lumbera

(2005) na ang panitikan ay malikhaing manipestasyon ng karanasan ng tao at dapat unawain bilang daluyan ng kultura, ideolohiya, at pagpapahalaga ng lipunan.

Sa larangan ng makabagong panitikan, partikular ang sanaysay, malinaw na naipapahayag ang personal at kolektibong karanasan ng mga indibidwal sa lipunan (Belvez, 2002; Zafra, 2006). Ang sanaysay ay nagiging mahalagang anyong pampanitikan na naglalahad ng damdamin, kuro kuro, at karanasan ng may akda na may kakayahang magbigay linaw, magturo, at humubog sa kamalayan ng mambabasa. Ayon kay Belvez (2002), ang sanaysay ay isang anyong nagpapahayag ng personal na pananaw ng may akda na may layuning maglahad ng ideya at pagpapahalaga. Dagdag naman ni Zafra (2006) na ang sanaysay ay daluyan ng damdamin at kaisipan na maaaring magturo, manghikayat, at magmulat ng kamalayan. Dahil dito, ang mga kontemporaryong sanaysay ay nagiging mahalagang sanggunian sa pagsusuri ng moral na pamantayan, etika, at pagpapahalaga ng tao sa gitna ng makabagong hamon at realidad ng lipunan.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga piling kontemporaryong sanaysay mula sa iba’t ibang may akda tulad nina Almayrah Tiburon, Eugene Y. Evasco, Rusell Irene L. Lagunsad, Reuel Molina Aguila, Beverly Siy, Mubarak Tahir, at Al Joseph Lumen. Ang mga akdang ito ay naglalaman ng mga karanasan ng tao sa harap ng digmaan, Martial Law, paglalakbay, kahirapan, pagkawala, at responsibilidad sa pamilya at lipunan. Sa pamamagitan ng moralistikong pagsusuri, layunin ng pag-aaral na maunawaan ang mga moral na pagpapahalaga na ipinapakita ng mga tauhan at karanasan sa mga akda, gayundin ang implikasyon ng mga aral na ito sa paghubog ng kamalayan ng mambabasa at sa mas malawak na kontekstong panlipunan.

Ang moralistikong pananaw ang nagsisilbing pangunahing teoretikal na lente ng pananaliksik na ito sa pagsusuri ng mga kontemporaryong sanaysay sa wikang Filipino. Isa ito sa pinakamatagal at pinakapangunahing paraan ng pagsusuri sa panitikan na nakaugat sa paniniwalang ang akdang pampanitikan ay may tungkuling magturo ng aral, humubog ng etikal na pagpapahalaga, at magsilbing gabay sa wastong pamumuhay ng mambabasa (Mendoza, 2014; Santos, 2019). Sa pananaw na ito, ang panitikan ay hindi lamang sining para sa sining kundi isang makapangyarihang kasangkapan sa paghubog ng moralidad at kamalayang panlipunan. Binibigyang diin ng moralistikong pananaw ang pagsusuri sa tauhan at kilos kung saan sinusuri ang mga aksyon at pagpapasya bilang huwaran o babala sa mambabasa batay sa pamantayan ng tama at mali, ang mensaheng moral na tumutukoy sa aral o pagpapahalagang nais ipabatid ng akda at sa implikasyon nito sa asal at pananaw ng mambabasa, at ang kabuluhan sa lipunan kung saan tinataya ang epekto ng moral na aral ng akda sa mas malawak na kontekstong panlipunan (Mendoza, 2014; Santos, 2019). Kaugnay nito, binigyang diin ni Nie (2015) sa Ethical Literary Criticism na ang pangunahing tungkulin ng panitikan ay moral at etikal samantalang ang aspektong estetiko ay sekundaryo lamang. Sa ganitong pananaw, nagiging mahalagang gabay ang panitikan sa paghubog ng pananagutan, katarungan, at malasakit sa lipunan.

Sinusuportahan ng mga naunang pag aaral ang kahalagahan ng moralistikong pananaw sa pag unawa sa papel ng panitikan sa paghubog ng etikal na kamalayan ng mambabasa. Ayon kay Delos Reyes (2017), ang panitikan ay nagsisilbing daluyan ng moral na pamantayan na maaaring gumabay sa kilos at pagpapasya ng tao. Sa kaparehong pananaw, binigyang diin ni Mendoza (2014) na ang moralistikong pagsusuri ay nakatuon sa implikasyon ng akda sa paghubog ng asal at pagpapahalaga ng mambabasa kung saan ang mga tauhan at pangyayari ay nagiging salamin ng etikal na pagpili sa tunay na buhay. Sa konteksto ng panitikang Filipino, ipinakita nina Yap Zerrudo at Gotico (2013) na ang mga akdang pampanitikan noong ika 19 na siglo ay nagtataglay ng malinaw na norms of morality tulad ng katapangan, katapatan, malasakit sa kapwa, at katarungan. Ang mga pagpapahalagang ito ay patuloy na makikita sa

makabagong panitikan bagaman inilalahad sa kontemporaryong konteksto at karanasan. Dagdag pa rito, binigyang diin ni Cruz (2011) na ang mga klasikong akda tulad ng Florante at Laura ay nagsisilbing moral na gabay sa usapin ng dangal at katarungan, samantalang ipinakita ni Hornedo (2002) na ang mga modernong akda gaya ng Dekada '70 ay nagpapamalas ng paninindigan at moral na pananagutan sa lipunan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga pag aaral nina Santos (2019) at Nie (2015) na nananatiling mahalaga ang moralistikong pagsusuri sa kontemporaryong panitikan sapagkat binibigyang diin nito ang papel ng panitikan sa etikal na edukasyon at panlipunang kamalayan. Dahil dito, ang mga naunang literatura at pag aaral ang nagsisilbing pundasyon ng kasalukuyang pananaliksik sa pagsusuri ng moral na dimensyon ng kontemporaryong sanaysay sa wikang Filipino at sa pag unawa sa mga pagpapahalagang moral na ipinahahayag ng mga akda sa konteksto ng indibidwal at lipunan.

## Paglalahad ng suliranin

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga piling kontemporaryong sanaysay sa konteksto ng moralistikong pananaw. Bagaman malinaw ang kahalagahan ng panitikan bilang salamin ng karanasan at daluyan ng pagpapahalaga.

Batay dito, sumusunod ang mga pangunahing suliranin na nais sagutin ng pag-aaral:

1. Ano-anong moral na pagpapahalaga ang naipapahayag sa bawat sanaysay?
2. Ano ang kabuluhan ng mga moral na ito sa paghubog ng kakayahan ng manunulat at mambabasa?
3. Ano ang implikasyon ng mga moral na ito sa lipunang Pilipino?

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay isang qualitative content analysis na deskriptibo analitikong pag aaral na naglalayong suriin ang mga moral na pagpapahalaga na makikita sa mga piling kontemporaryong sanaysay. Ang content analysis ay isang sistematikong pamamaraan ng pagsusuri ng teksto upang matukoy ang mga tema, pattern, at kahulugan na matatagpuan sa loob ng datos. Sa konteksto ng pag aaral na ito, ginamit ang paraang ito upang masuri ang nilalaman ng mga kontemporaryong sanaysay at matukoy ang mga moral na aral na ipinapahayag ng mga akda, ang kanilang kabuluhan sa manunulat at mambabasa, at ang implikasyon ng mga aral na ito sa mas malawak na konteksto ng lipunan. Ang disenyo ng pananaliksik ay nakatuon sa masusing pagbasa at interpretasyon ng mga teksto upang mailahad ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa mga karanasan at naratibo na inilalahad sa mga sanaysay.

Sa pagpili ng mga tekstong susuriin, ginamit ang tiyak na pamantayan upang matiyak na ang mga napiling sanaysay ay may malinaw na kaugnayan sa layunin ng pag aaral. Ang mga sanaysay ay pinili batay sa tatlong pangunahing pamantayan. Una, ang mga akda ay kinakailangang naglalaman ng malinaw na moral o etikal na mensahe na maaaring suriin gamit ang moralistikong pananaw. Ikalawa, ang mga sanaysay ay dapat nagpapakita ng personal at kolektibong karanasan na may kaugnayan sa lipunan upang maipakita ang ugnayan ng panitikan at mga pagpapahalagang panlipunan. Ikatlo, ang mga akda ay dapat nailathala sa kontemporaryong panahon upang matiyak na ang mga karanasan at pagpapahalagang ipinapakita ay akma sa kasalukuyang konteksto ng lipunang Filipino. Sa pamamagitan ng mga pamantayang ito, napili ang mga sanaysay na naglalaman ng mga naratibong may makabuluhang dimensyon ng moralidad at karanasang panlipunan.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng teksto ng bawat sanaysay mula sa mga publikasyon at online sources na may pahintulot o open access.

Ang bawat sanaysay ay binasa nang maramihan upang magkaroon ng mas malalim na pag unawa sa konteksto, daloy ng naratibo, at mga ideyang ipinapahayag ng may akda. Ang paulit ulit na pagbasa ng mga akda ay nagsilbing mahalagang hakbang upang matukoy ang mga bahagi ng teksto na naglalaman ng mga moral na aral at pagpapahalaga. Matapos ang paunang pagbasa, ang mga teksto ay isinailalim sa systematic coding upang matukoy at maitala ang mga moral na tema at subtema na lumilitaw sa mga sanaysay.

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang qualitative content analysis na nakabatay sa moralistikong pananaw. Ang paraang ito ay nakatuon sa pagtukoy, pag uuri, at interpretasyon ng mga tema o pattern na matatagpuan sa loob ng teksto. Sa unang yugto ng pagsusuri, isinagawa ang preliminary reading kung saan ang bawat sanaysay ay binasa nang paulit ulit upang magkaroon ng malalim na pagkaunawa sa konteksto, tauhan, at mensaheng ipinahahayag ng akda. Ang prosesong ito ay mahalaga upang matukoy ang mga ideyang may kaugnayan sa moral na pagpapahalaga na maaaring maging batayan ng susunod na hakbang sa pagsusuri.

Matapos ang paunang pagbasa, isinagawa ang open coding kung saan ang bawat pangungusap o talata na naglalaman ng moral na aral ay tinukoy at binigyan ng label o code. Ang mga code na ito ay kumakatawan sa mga partikular na moral na pagpapahalaga tulad ng katatagan, pananampalataya, malasakit sa kapwa, at pagtitiyaga. Sa pamamagitan ng prosesong ito, naitala at naisaayos ang mga bahagi ng teksto na naglalaman ng mahahalagang ideya na may kaugnayan sa moral na dimensyon ng mga akda.

Kasunod nito, isinagawa ang categorization kung saan ang mga natukoy na code ay pinagsama sama upang makabuo ng mga pangunahing kategorya at subtema na nagpapakita ng iba't ibang dimensyon ng moralidad na lumilitaw sa mga sanaysay. Ang hakbang na ito ay nagbigay daan sa mas malinaw na pag unawa sa ugnayan ng iba't ibang moral na pagpapahalaga at sa paraan kung paano ito naipapahayag sa mga naratibo ng mga akda.

Pagkatapos ng pagbuo ng mga kategorya, isinagawa ang interpretation kung saan ang mga natukoy na tema at kategorya ay inanalisa upang maunawaan ang relasyon ng mga moral na aral sa karanasan ng may akda, ang posibleng epekto ng mga ito sa mambabasa, at ang implikasyon ng mga aral sa mas malawak na kontekstong panlipunan. Sa bahaging ito ng pagsusuri, ang mga moral na pagpapahalaga ay tiningnan bilang mga salamin ng karanasan ng tao at bilang mga gabay sa pag unawa sa etikal na pamumuhay sa lipunan.

Upang matiyak ang kredibilidad at pagiging maaasahan ng interpretasyon, isinagawa ang validation kung saan ang mga natukoy na kategorya at tema ay sinuri muli at ikinumpara sa mga naunang pag aaral at kaugnay na literatura. Ang prosesong ito ay nakatulong upang mapagtibay ang pagiging makatwiran ng mga interpretasyon at upang matiyak na ang mga natukoy na moral na pagpapahalaga ay may batayan sa umiiral na diskurso sa panitikan at moralistikong pagsusuri.

Isinasaalang alang din sa pananaliksik na ito ang mga etikal na prinsipyo sa paggamit ng datos. Lahat ng tekstong ginamit sa pag aaral ay kinuha mula sa mga publikasyon at online sources na may pahintulot o open access, at kinilala ang karapatang ari ng mga awtor sa pamamagitan ng wastong pagsangguni at citation. Walang impormasyong ginamit na lumalabag sa copyright. Ang pagsusuri sa mga teksto ay isinagawa nang objectively at systematically upang matiyak ang akademikong integridad ng pananaliksik at upang masunod ang mga pamantayan ng content analysis at etikal na pananaliksik.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Ang bahaging ito ay naglalahad at tumatalakay sa mga resulta ng pag aaral batay sa sistematikong pagsusuri sa walong piling kontemporaryong sanaysay gamit ang qualitative

content analysis na disenyo ng pananaliksik. Ang walong sanaysay na sinuri ay ang Ang Ina at Martial Law at Pagninilay ni Almayrah Tiburon, Mga Pagsasanay sa Paggalugad ng Siyudad ni Eugene Y. Evasco, Doon po sa Amin sa Daang Bakal ni Rusell Irene L. Lagunsad, Ngunit Wala Akong Litrato Noong Nasa Kolehiyo Ako ni Reuel Molina Aguila, Overnight sa Sementeryo ni Beverly Siy, Dalawampu't Apat na Oras ni Mubarak Tahir, at Patsi-patsing Danas sa Pangarap ni Al Joseph Lumen. Sa pag aaral na ito, ang walong sanaysay ang nagsilbing pangunahing yunit ng pagsusuri o corpus ng datos. Ang pagpili ng mga tekstong ito ay isinagawa batay sa pamantayan na naglalaman ang mga akda ng malinaw na moral o etikal na mensahe, nagpapakita ng personal at kolektibong karanasan na may kaugnayan sa lipunan, at nailathala sa kontemporaryong panahon upang maging angkop sa kasalukuyang konteksto ng panitikang Filipino. Ang datos ay kinuha mula sa mga publikasyon at online sources na may pahintulot o open access. Ang pagsusuri ay isinagawa sa pamamagitan ng sistematikong pagbasa, coding, categorization, at interpretasyon ng mga tekstong ito upang matukoy ang mga moral na tema at subtema na lumilitaw sa mga sanaysay. Ang interpretasyon ng mga resulta ay nakabatay sa moralistikong pananaw na nagsasaad na ang panitikan ay may tungkuling magpahayag ng tama at mali, mabuti at masama, at magsilbing gabay sa wastong pamumuhay ng mambabasa. Ang mga natukoy na resulta ay tinalakay sa direktang ugnayan sa mga layunin ng pag aaral na tukuyin ang mga moral na pagpapahalaga sa mga piling kontemporaryong sanaysay at suriin ang kabuluhan ng mga ito sa manunulat, mambabasa, at lipunan.

Ang pagsusuri sa walong sanaysay ay nagpakita ng iba't ibang uri ng moral na pagpapahalaga na malinaw na naipapahayag sa pamamagitan ng mga karanasan, naratibo, at pagninilay ng mga may akda. Sa sanaysay na Ang Ina at Martial Law ni Almayrah Tiburon, ang nangingibabaw na moral na pagpapahalaga ay katatagan at pagpupunyagi. Ipinapakita sa naratibo ang isang ina na nananatiling matatag sa gitna ng panganib at digmaan at patuloy na nagbibigay ng inspirasyon sa anak sa kabila ng mga hamon na dulot ng kaguluhan sa lipunan. Ang moral na dimensyong ito ay nagpapahiwatig na ang katatagan ng loob at pagpupunyagi ay mahalagang birtud sa pagharap sa mga pagsubok ng buhay. Ang ganitong representasyon ng moralidad sa panitikan ay sinusuportahan ng pananaw ni Mendoza (2014) na ang panitikan ay nagsisilbing kasangkapan sa pagpapatibay ng moral at etikal na pag uugali ng tao sa harap ng mga hamon ng buhay.

Sa sanaysay na Pagninilay na isinulat din ni Almayrah Tiburon, lumitaw ang moral na pagpapahalaga sa pag asa at pagmamahal sa anak. Ang pagninilay ng may akda sa karanasan ng kanyang ina ay naglalantad ng sakripisyo at pagmamahal ng magulang bilang mahalagang pundasyon ng moralidad sa loob ng pamilya. Ang ganitong paglalarawan ay nagbubukas ng diskurso hinggil sa papel ng pamilya sa paghubog ng karakter at etikal na kamalayan ng isang indibidwal. Ayon kina Yap Zerrudo at Gotico (2013), ang panitikan ay naglalahad ng mga huwarang asal at nagsisilbing gabay sa wastong pag uugali ng mambabasa sa pamamagitan ng pagpapakita ng malasakit at pagmamalasakit sa kapwa.

Sa sanaysay na Mga Pagsasanay sa Paggalugad ng Siyudad ni Eugene Y. Evasco, malinaw na naipakita ang moral na pagpapahalaga sa empatiya at pakikipagkapwa tao. Sa paglalarawan ng may akda sa karanasan ng mga Pilipino sa ibang bansa, ipinapakita ang malalim na pag unawa sa kalagayan ng iba at ang pagpapahalaga sa kolektibong karanasan ng komunidad. Ang moral na dimensyong ito ay nagpapalakas ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng pagkakaisa at malasakit sa kapwa. Ayon kay Santos (2019), ang ganitong mga representasyon ng pakikipagkapwa tao sa panitikan ay mahalaga sa paghubog ng responsableng mamamayan at sa pagpapalaganap ng etikal na pag uugali sa lipunan.

Sa sanaysay na Doon po sa Amin sa Daang Bakal ni Rusell Irene L. Lagunsad, ang pangunahing moral na pagpapahalaga ay sakripisyo at responsibilidad sa pamilya. Ang naratibo ng kahirapan at ang pagsisikap ng mga tauhan na tuparin ang kanilang tungkulin sa murang edad ay nagpapakita ng determinasyon, tiyaga, at malasakit sa kapakanan ng pamilya.

Ang ganitong paglalarawan ay nagpapahiwatig na ang sakripisyo at responsibilidad ay mahalagang bahagi ng moral na paghubog ng indibidwal. Pinagtitibay ito ni Mendoza (2014) na nagsasaad na ang panitikan ay may mahalagang papel sa paglinang ng wastong asal sa loob ng pamilya at lipunan.

Sa sanaysay na Ngunit Wala Akong Litrato Noong Nasa Kolehiyo Ako ni Reuel Molina Aguila, lumitaw ang moral na pagpapahalaga sa alaala at kasaysayan. Ipinapakita sa akda na ang mga alaala ng nakaraan ay nagsisilbing mahalagang gabay sa paggawa ng moral na desisyon sa kasalukuyan. Ang karanasan at personal na alaala ay inilalarawan bilang higit na mahalaga kaysa sa pisikal na ebidensya sapagkat ang mga ito ay naglalaman ng mga aral na maaaring magsilbing patnubay sa buhay. Ayon kay Cruz (2011), ang panitikan ay may kakayahang magsilbing moral na gabay sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa kasaysayan at integridad ng karanasan ng tao.

Sa sanaysay na Overnight sa Sementeryo ni Beverly Siy, ipinakita ang moral na pagpapahalaga sa pagmamalasakit at pagkakaisa sa pamilya. Ang interaksyon ng mga miyembro ng pamilya sa harap ng hamon at panganib ay naglalarawan ng kahalagahan ng pagtutulungan, malasakit, at responsibilidad sa isa't isa. Ang ganitong representasyon ng relasyon sa pamilya at komunidad ay nagpapakita na ang moral na pagpapahalaga ay hindi lamang umiiral sa indibidwal kundi sa kolektibong ugnayan ng mga tao. Ayon kina Elo at Kyngäs (2008), ang pagsusuri sa teksto sa pamamagitan ng content analysis ay maaaring magbunyag ng mga huwarang pag uugali at moral na patnubay na mahalaga sa pag unawa ng mga mambabasa sa etikal na dimensyon ng mga akda.

Sa sanaysay na Dalawampu't Apat na Oras ni Mubarak Tahir, ang moral na dimensyon ay nakatuon sa pananampalataya at pagtanggap. Ang pagsunod sa relihiyosong tradisyon ay inilalarawan bilang mahalagang batayan ng moral na pag uugali at etikal na pamumuhay. Ang konsepto ng dalawampu't apat na oras sa akda ay nagsisilbing simbolo ng pagtanggap sa mga pangyayari sa buhay at ng patuloy na pagsunod sa mga prinsipyong moral na nakabatay sa relihiyosong paniniwala. Ayon kay Nie (2015), ang panitikan ay may mahalagang papel sa pagbibigay gabay sa moral at etikal na pag unawa ng tao sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga karanasang may kaugnayan sa pananampalataya at kultura.

Sa sanaysay na Patsi-patsing Danas sa Pangarap ni Al Joseph Lumen, lumitaw ang moral na pagpapahalaga sa sakripisyo at balanseng pamumuhay. Ipinapakita sa akda ang pangangailangang balansehin ang personal na pangarap at ang responsibilidad sa pamilya. Ang ganitong moral na aral ay nagbibigay gabay sa mambabasa sa paggawa ng mga desisyong may etikal na batayan at sa pag unawa sa kahalagahan ng praktikal na moralidad sa pang araw araw na buhay. Ang interpretasyong ito ay sinusuportahan ng mga pag aaral nina Mendoza (2014) at Santos (2019) na nagsasabing ang panitikan ay nagsisilbing praktikal at moral na gabay sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

Ang pagsusuri sa walong sanaysay ay nagpapakita rin ng malinaw na ugnayan sa pagitan ng mga moral na pagpapahalaga at ng paghubog ng kakayahan ng manunulat at mambabasa. Sa Ang Ina at Martial Law, ang karanasan ng panganib at digmaan ay nagpapalakas sa kakayahan ng manunulat na ilahad ang personal na karanasan sa konteksto ng panganib habang ang mambabasa ay nahuhubog sa resilience, moral na paninindigan, at kritikal na pag iisip. Sa Pagninilay, ang pag asa at pagmamahal sa anak ay nagpalalim sa kakayahan ng manunulat sa pagninilay at malikhaing paglalarawan ng damdamin habang ang mambabasa ay nagkakaroon ng empatiya at pagpapahalaga sa sakripisyo ng magulang. Sa Mga Pagsasanay sa Paggalugad ng Siyudad, ang empatiya at pakikipagkapwa tao ay nagpapalawak sa pananaw ng manunulat sa karanasan ng iba at nagpapalakas sa mambabasa ng pakiramdam ng pagkakaisa, malasakit, at etikal na kilos sa lipunan.

Sa Doon po sa Amin sa Daang Bakal, ang sakripisyo at responsibilidad sa pamilya ay nagpapayaman sa kakayahan ng manunulat sa detalyadong paglalahad ng kolektibong karanasan habang ang mambabasa ay natututo ng determinasyon, pagtutulungan, at tamang asal. Sa Ngunit Wala Akong Litrato Noong Nasa Kolehiyo Ako, ang paggamit ng alaala bilang sentro ng naratibo ay nagiging pagsasanay sa manunulat sa pag uugnay ng kasaysayan at personal na karanasan habang ang mambabasa ay natututo ng kahalagahan ng alaala at moral na aral mula sa nakaraan. Sa Overnight sa Sementeryo, ang paglalarawan ng relasyon ng pamilya at komunidad ay nagpapalakas sa kakayahan ng manunulat sa detalyadong paglalarawan ng interaksyon ng mga tauhan habang ang mambabasa ay nagkakaroon ng mas malalim na pagpapahalaga sa pamilya at komunidad.

Sa Dalawampu't Apat na Oras, ang pagsasalaysay ng relihiyosong tradisyon ay nagpapayaman sa kakayahan ng manunulat sa paglalarawan ng espiritwal na karanasan habang ang mambabasa ay nagkakaroon ng moral na gabay sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtanggap sa mga pangyayari sa buhay. Sa Patsi-patsing Danas sa Pangarap, ang balanseng paglalarawan ng pangarap at responsibilidad ay nagsisilbing pagsasanay sa manunulat sa pag uugnay ng personal na mithiin at obligasyon habang ang mambabasa ay natututo ng praktikal na moralidad at etikal na pagpapasya. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang panitikan ay hindi lamang daluyan ng malikhaing pagpapahayag kundi isa ring mahalagang instrumento sa paghubog ng etikal na kamalayan ng parehong manunulat at mambabasa.

Higit pa rito, ang mga moral na pagpapahalaga na natukoy sa walong sanaysay ay may malinaw na implikasyon sa lipunan. Sa Ang Ina at Martial Law, ang katatagan at pagpupunyagi ng pangunahing tauhan ay nagsisilbing modelo ng kolektibong paninindigan laban sa pang aapi at katiwalian. Ayon kay Mendoza (2014), ang moralistikong panitikan ay may kakayahang hubugin ang mamamayan sa pagpapatibay ng etika at kritikal na kamalayan na mahalaga sa demokratikong lipunan. Sa Pagninilay, ang pagpapahalaga sa pag asa at pagmamahal sa anak ay nagtataguyod ng suporta sa kabataan at nagiging pundasyon ng paghubog ng responsableng mamamayan. Tulad ng binigyang diin nina Yap Zerrudo at Gotico (2013), ang panitikan ay nagsisilbing daluyan ng pagpapalaganap ng tradisyonal na etikal na pagpapahalaga na nagpapatibay sa ugnayan ng komunidad.

Sa Mga Pagsasanay sa Paggalugad ng Siyudad, ang empatiya at pakikipagkapwa tao ay nagtataguyod ng lipunang may malasakit at pag unawa sa karanasan ng iba, na ayon kay Santos (2019) ay mahalaga sa paglinang ng makataong kultura. Sa Doon po sa Amin sa Daang Bakal, ang sakripisyo at responsibilidad ay nagpapalakas sa kultura ng pagtutulungan at kolektibong pananagutan sa komunidad. Sa Ngunit Wala Akong Litrato Noong Nasa Kolehiyo Ako, ang pagpapahalaga sa alaala at kasaysayan ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagkatuto mula sa nakaraan upang mapalakas ang moral na kamalayan ng lipunan. Sa Overnight sa Sementeryo, ang pagmamalasakit at pagkakaisa sa pamilya ay nagpapakita ng kahalagahan ng matibay na ugnayan sa loob ng komunidad. Sa Dalawampu't Apat na Oras, ang pananampalataya at pagtanggap ay nagpapatibay sa relihiyosong disiplina at etikal na pamumuhay. Sa Patsi-patsing Danas sa Pangarap, ang sakripisyo at balanseng pamumuhay ay nagtataguyod ng responsableng pamumuhay at praktikal na moralidad sa lipunan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta ng pag aaral na ang walong kontemporaryong sanaysay ay naglalaman ng mahahalagang moral na pagpapahalaga tulad ng katatagan, pag asa, pagmamahal sa pamilya, empatiya, sakripisyo, pananampalataya, pagmamalasakit, at balanseng pamumuhay. Ang mga pagpapahalagang ito ay hindi lamang nakapaloob sa naratibo ng mga akda kundi nagsisilbi ring gabay sa paghubog ng kakayahan ng manunulat at mambabasa at sa pagpapaunlad ng etikal na kamalayan ng lipunan. Ang mga natuklasan ay tumutugon sa mga layunin ng pag aaral na tukuyin at suriin ang mga moral na pagpapahalaga sa mga piling kontemporaryong sanaysay at ipakita ang kanilang kabuluhan sa indibidwal at sa komunidad. Sa ganitong paraan, pinagtitibay ng pag aaral ang pananaw na ang panitikan ay

isang mahalagang daluyan ng moral na edukasyon at etikal na pag unawa na patuloy na may mahalagang ambag sa paghubog ng kamalayan at pagpapahalaga sa kontemporaryong lipunang Filipino.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pag aaral, malinaw na ang walong piling kontemporaryong sanaysay na sinuri ay naglalaman ng iba't ibang moral na pagpapahalaga na may malalim na kahulugan at implikasyon sa manunulat, mambabasa, at lipunan. Ang pagsusuri sa mga akda ni Almayrah Tiburon ay nagpapakita ng katatagan, pag asa, at pagmamahal ng isang ina sa gitna ng digmaan at Martial Law, na nagiging mahalagang salamin ng personal na karanasan at kolektibong kamalayan ng lipunan. Ang mga karanasang ito ay nagpapakita na ang panitikan ay maaaring magsilbing daluyan ng paghubog ng katatagan at moral na paninindigan ng indibidwal sa harap ng mga hamon ng buhay. Samantala, ang mga sanaysay nina Eugene Y. Evasco, Rusell Irene L. Lagunsad, at Reuel Molina Aguila ay naglalahad ng mahahalagang pagpapahalaga tulad ng pakikipagkapwa tao, sakripisyo, at pagpapahalaga sa alaala at kasaysayan. Ang mga temang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng empatiya, responsibilidad, at pag unawa sa kolektibong karanasan bilang mga pundasyon ng etikal na pamumuhay. Ang mga sanaysay nina Beverly Siy, Mubarak Tahir, at Al Joseph Lumen ay higit pang nagpapatibay sa moral na dimensyon ng panitikan sa pamamagitan ng pagbibigay diin sa pagmamalasakit sa pamilya, pananampalataya, at balanseng pamumuhay, na nagiging gabay sa paghubog ng responsableng mamamayan at sa pagpapaunlad ng makataong ugnayan sa komunidad.

Sa kabuuan ng pagsusuri, lumilitaw na ang moralistikong pananaw ay isang mahalagang lente sa pag unawa sa papel ng panitikan sa paghubog ng etikal na kamalayan ng tao. Ang mga tauhan, pangyayari, at karanasan na inilalarawan sa mga sanaysay ay nagsisilbing huwaran at gabay sa pag unawa sa tamang asal, responsibilidad, at malasakit sa kapwa. Ipinapakita ng mga natuklasan ng pag aaral na ang panitikan ay hindi lamang isang anyo ng malikhaing pagpapahayag kundi isang makapangyarihang instrumento sa moral at etikal na paghubog ng indibidwal at lipunan. Sa pamamagitan ng mga naratibo at pagninilay ng mga may akda, naipapakita ang kahalagahan ng mga pagpapahalagang tulad ng katatagan, sakripisyo, empatiya, pananampalataya, pagmamalasakit, at balanseng pamumuhay sa paghubog ng isang makatao at responsableng lipunan. Dahil dito, pinagtitibay ng pag aaral na ang kontemporaryong sanaysay ay may mahalagang ambag sa pagpapalaganap ng mga etikal na prinsipyo at sa pagpapayabong ng kamalayan ng mambabasa hinggil sa mga hamon at realidad ng buhay panlipunan.

Kaugnay ng mga natuklasan ng pag aaral, mahalagang hikayatin ang mga manunulat at akademiko na patuloy na lumikha at magsuri ng mga kontemporaryong sanaysay na naglalaman ng malinaw na moral na aral at etikal na pagpapahalaga. Ang ganitong mga akda ay maaaring magsilbing mahalagang daluyan ng edukasyon sa etika at pagpapalawak ng kamalayan ng lipunan hinggil sa mga mahahalagang isyung panlipunan at moral. Gayundin, mahalagang isama ng mga guro at tagapagturo ang moralistikong pagsusuri ng panitikan sa kurikulum upang mapalawak ang kakayahan ng mga mag aaral sa kritikal na pag iisip, empatiya, at tamang pagpapasya. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga sanaysay bilang mapagkukunan ng aral at pagninilay, maaaring mahubog ang kabataan sa pag unawa sa kahalagahan ng etikal na pamumuhay at responsableng pakikibahagi sa lipunan. Mahalaga rin na hikayatin ang mga mambabasa at komunidad na palalimin ang kanilang pag unawa sa mga sanaysay upang higit na maipakita ang kahalagahan ng malasakit, responsibilidad, at moral na pamumuhay sa pang araw araw na buhay. Ang aktibong pagninilay sa mga karanasan at aral

na nakapaloob sa panitikan ay makatutulong sa pagpapalaganap ng kultura ng pagtutulungan, respeto, at etikal na pakikibahagi sa komunidad.

Sa wakas, iminungkahi ng pag aaral ang pangangailangan ng mas malawak na pananaliksik hinggil sa moralistikong dimensyon ng iba pang anyo ng panitikan tulad ng nobela, dula, at tula upang higit na mapalawak ang kaalaman sa impluwensya ng moral na pagpapahalaga sa indibidwal at lipunan. Ang mga susunod na pag aaral ay maaari ring magsagawa ng komparatibong pagsusuri sa moralistikong pananaw at iba pang teoryang pampanitikan tulad ng post structuralism o dekonstruksiyon upang higit na maunawaan ang ugnayan ng etika at estetika sa kontemporaryong panitikan. Sa pamamagitan ng ganitong mga pananaliksik, maaaring higit pang mapalalim ang pag unawa sa papel ng panitikan bilang mahalagang instrumento sa paghubog ng moral na kamalayan at sa pagpapaunlad ng makataong lipunan.

TALASANGGUNIAN

Belvez, P. M. (2002). Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik. Quezon City, Philippines: Rex Book Store.

Constantino, R. (1970). The making of a Filipino: A story of Philippine colonial politics. Quezon City, Philippines: Malaya Books.

Cruz, I. R. (2002). Critical theory at cultural studies: Reader. Quezon City, Philippines: University of the Philippines Press.

Lumbera, B. L., & Lumbera, C. N. (2004). Philippine literature: A history and anthology. Quezon City, Philippines: Anvil Publishing.

Mendoza, A. (2014). Ethics in literature: Ang papel ng moralistikong pananaw sa akdang pampanitikan. Manila, Philippines: Rex Book Store.

Nie, Z. (2015). Ethical literary criticism and moral education. Journal of Literary Ethics, 12(3), 45–62.

Panganiban, J. V. (1969). Mga piling sanaysay sa wikang Pilipino. Manila, Philippines: National Book Store.

Santos, L. K. (1983). Balarila ng wikang pambansa. Quezon City, Philippines: Katha Publishing.

Siy, B. (2017). It’s a mens world: Collected essays. Quezon City, Philippines: Anvil Publishing.

UNESCO. (2015). Education for sustainable development goals: Learning objectives. Paris, France: UNESCO Publishing. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000247444

Yap-Zerrudo, M., & Gotico, R. (2013). Norms of morality in 19th century Philippine literature. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 61(4), 101–125.

Zafra, R. (2006). Twisted: Collected essays on culture, identity, and society. Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press.